

# 1

“Ishmael!” tawag ni Doña Margarita, sabay katok sa pinto ng silid ng anak. “Ishmael, ano ba? Hindi ka ba gigising?” Halos maputol na ang litid sa lalamunan nito sa lakas ng boses, pero hindi pa rin nagigising si Ishmael.

“Ishmael!” muling sigaw nito. Katabi ng ginang ang driver na si Tomas na siyang bumabalya sa pinto. Nag-aalala na ang matandang babae dahil alas cinco na ng hapon ay hindi pa gumigising ang anak.

Sa loob ng kuwarto, himbing na himbing pa rin ang binata— hindi natitinag sa paulit-ulit na pagtawag ng kanyang ina sa pangalan niya. Nakanganga pa siya habang natutulog. Hindi rin siya nagigising sa katok at pagbalya sa pinto na halos ikawasak niyon.

Nagkalat ang kanyang mga pinagbihisan sa sahig. Nilalanggam ang mga wrappers ng kung anu-anong chichiria at lata ng soft drinks na pinagkainan nang nakaraang gabi. Ilang bote ng beer na walang laman din ang nasa sahig. Wala rin sa ayos ang mga DVD discs at audio CDs.

Mabaho na ang silid dahil sa mga hindi naitatapong pagkain. Hindi niya pinapapasok ang sinumang kasambahay sa loob dahil ayon sa kanya, baka kapag nilinis ito ay may mga gamit siyang

hindi makita kapag kailanganin niya. Nangingitim na rin sa alikabok ang mga kurtina at mga kasangkapan doon. In short, his whole room was a mess. Kahit ang kanyang mga magulang ay hindi nakakapasok doon.

Nag-iisang anak si Ishmael ng mag-asawang Doña Margarita at Don Alejandro Montero. Thirty years old na siya, pero nasa poder pa rin ng kanyang mga magulang. Nakatapos naman siya ng kolehiyo sa isang prestigious university sa Pilipinas, pero sadyang batugan at walang balak na magtrabaho kahit sa sarili nilang kompanya. Mas gusto niya ang mag-good time, uminom, makipag-party at makipag-date sa iba't ibang babae linggo-linggo.

Malakas siyang maghilik lalo ngayon na napuyat siya sa pag-inom ng beer at sa panonood ng porno na DVD. Wala siyang pakialam sa nangyayari sa labas ng kanyang silid.

“Ishmael!” tawag muli ni Doña Margarita. Naninikip na ang dibdib nito sa matinding pag-aalala. Ilang sandali pa at humahangos na dumating ang isang kasambahay na may dalang susi sa silid. Dali-dali nitong binuksan ang pinto. Nang mabuksan iyon ay natambad sa ginang ang makalat na silid ng anak pati na ang natutulog niyang anyo; rinig na rinig pa ang malakas na paghilik niya. Inilibot muna ng matandang babae ang paningin sa buong silid saka nawalan ng malay.

---

“Ano ka ba naman, Ishmael? Wala ka na ba talagang

pagpapahalaga sa direksyon ng buhay mo?” mataas ang boses na sermon ni Don Alejandro sa unica hijo na noon ay nakataas pa ang buhok mula sa pagtulog. Nakaupo siya sa gilid ng kama kung saan nagpapahinga si Doña Margarita.

Ginising siya ng mga kasambahay na kasama ng ginang nang pilitin ng mga ito na buksan ang kanyang silid nang hindi siya magising sa katok ng mga ito. Nawalan ng malay-tao ang kanyang ina dahil sa nakitang kaguluhan ng kuwarto niya at dala marahil ng sobrang pag-aalala na buong araw siyang hindi lumalabas roon.

Tinawag ng mayordoma ang family doctor ng mga Montero upang matingnan ang doña. Dali-dali itong nagtungo sa mansion at sinabing ayon sa pagsusuri nito ay na-stress lamang nang husto ang ginang.

Sadyang ikinagalit ito ni Don Alejandro na humangos pauwi mula sa opisina para malaman ang kalagayan ng asawa. Ipinalinis na nito nang tuluyan ang silid ng binata. Hindi na niya napigilan ang paglilinis ng mga kasambahay sa kanyang kuwarto; baka ang ama naman ang atakihin sa puso kapag ginawa niya iyon.

“Papa, nagpapakasaya lamang ako dahil puro aral na lang ang ginawa ko n’ung ako’y nasa kolehiyo pa.” May katotohanan ang sinabi ni Ishmael dahil consistent Dean’s Lister siya noong college. Hindi siya bumarkada o lumabas-labas para makipag-party. Ibayong sipag ang kanyang ginawa. At nang magtapos nga siya ay ang pagiging *magna cum laude* ang natamo niyang

karangalan. Naipangako niya sa kanyang mga magulang na bibigyan niya ang mga ito ng karangalan kapag siya ay nakapagtapos na sa kolehiyo. Kaya naman para sa kanya ay tama lamang na magpakabuhay-binata muna siya.

“Ten years ka nang graduate, Ishmael! Ano ba ang pinagsasasabi mong pagpapakasaya? Tingnan mo nga ang mama mo; alalang-alala na siya sa iyo. Hindi na kami bumabata, Anak. Matanda na kami. Paano kapag wala na kami? Paano ka na? You’re not getting younger either.”

“Work is extremely boring, Papa. At saka mayaman naman tayo,” katuwiran niya.

Umiling-iling ang ginoo. Totoong pinagsumikapan nitong maitayo ang isa sa pinakamalalaking computer chips and software programming companies sa bansa nang sa gayon ay hindi na mamroblema pa ang kanyang mag-ina sa kinabukasan. He was now one of the top ten richest men in the country. Galing sa hirap si Don Alejandro kaya ayaw nitong maranasan ng anak ang naranasan nito noong bata pa ito.

Pero hindi naman nito ninais na maging batugan si Ishmael. Nais nitong siya ang mamahala sa kompanya sa panahong ito na magreretiro na ang ama. Nais nitong makita na magtagumpay rin siya. Pero sa nakikita nito ngayon sa kanya ay mukhang hindi mangyayari iyon sa nalalapit nag hinaharap.

“Anak, gusto kong pag-aralan mo ang pagpapatakbo ng

kompanya nang sa gayon ay maaari na akong magretiro.”

“Bakit naman magreretiro na kayo, Papa? Nirarayuma ka na ba? Bata pa kayo at sa palagay ko ay masayang-masaya pa kayo sa pagpapatakbo ng ating kompanya.” Nakangiti siya habang sinusubukang pagaanin ang pakiramdam ng ama.

“Really, Son, why are you doing this to your life?” seryosong tanong ng ama niya.

“Papa, I’m happy with my life right now, okay?”

Bumuntong-hininga na lamang ito. “Hay naku, Ishmael! There’s no use talking to you! Ang mabuti pa ay maligo ka na. Baka kapag hindi ka na amoy alak ay makakausap ka na nang matino.”

Nagkibit-balikat lamang si Ishmael at tumayo. Hinalikan muna niya sa noo ang ina at sinulyapan ang ama bago umalis ng silid ng mga magulang. Sinundan lamang ng matalim na tingin ni Don Alejandro ang anak.

Kung mamasdan lamang ang binata ay hindi aakalaing batugan ito at walang pakialam sa sariling direksyon sa buhay. Matangkad ito sa taas na six feet and three inches. Guwapo rin ito. Somehow, he felt a tinge of pride inside his chest. He knew his son got it in him to succeed. But somewhere, somehow, something went wrong.

Muling bumuntong-hininga ang ginoo. *Ano ba ang nagawa*

*ko para maging ganito ang anak ko? tanong niya sa sarili.*

Dumilat ang kunwang natutulog na si Doña Margarita at tiningnan ang di-mapakaling asawa. Nagkunwari siyang natutulog dahil ayaw niyang makitang sinesermunan nito si Ishmael. Baka maawa na naman siya sa kanyang anak. Sadyang pinoproblema nila kung paano maimumulat ito sa totoong mukha ng buhay—na hindi lahat ay madadaan sa pagpapakasaya at pakikipagbarkada. Paano nila maibabalik ang dating sipag at tiyaga ni Ishmael?

*Ano kaya ang naging dahilan ng kanyang pagbabago? tanong ng ginang sa sarili.*

“Ano ang gagawin natin, Alejandro?”

“Nag-iisip nga ako ng paraan, Margarita. Sadyang naging batugan na talaga ang anak mo. Sayang. Akala ko pa naman ay tuloy-tuloy na ang kasipagang ipinakita niya sa atin noon. Yun pala ay para pagbigyan lang tayo na makakuha siya ng medal sa kanyang pagtatapos.”

“Hindi ko nga rin maunawaan kung bakit nagkagan’un ang batang iyon.”

Nagpakawala ng malalim na buntong-hininga ang don. “Kailangang may gawin tayong paraan para maitama natin ang direksyon ng anak natin.”

“Ang plano mong gawin, Alejandro?”

Umupo si Don Alejandro sa tabi ng asawa at nagkuwento

ito tungkol sa planong gawin sa anak.

---

Pagkatapos masermunan ay umalis si Ishmael para makipagkita sa mga kaibigang sina Allen at Jake sa isang bar sa Timog sa Quezon City. Dismayado man ang mga magulang ay hindi na siya pinigilan ng mga ito; matanda na siya para pigilan pa sa mga gusto niyang gawin. Hindi naman talaga siya waldas sa pera. Pinagkakasya niya ang allowance na ibinibigay ng ama buwan-buwan. Lamang ay talagang lagi siyang kasama ng mga kabarkada sa mga gimikan.

Hindi gaanong matao sa bar na iyon dahil weekday. Kaunti lamang ang mga customers na nag-iinuman at nagkukuwentuhan. Mellow ang music na nasa background.

“So nasermunan ka na naman ng erpats mo?” tanong ni Jake na noon ay may hawak na bote ng beer. Kaibigang matalik ito ni Ishmael na naging kaklase niya noong huling taon niya sa college. Ngayon ay may sarili na itong talyer na ito mismo ang nagtayo.

“Oo, Pare. As usual, wala daw ba akong pagpapahalaga sa direksyon ng buhay ko,” sabi niya at uminom ng *San Mig Light* mula sa hawak niyang bote niyon. “Gusto raw niyang ako ang pumalit sa kanya sa kompanya namin,” dagdag pa niya.

“Cool, Pare! Ayaw mo n’un? CEO ka ng isa sa pinakamalalaking kompanya sa Pilipinas?” masayang komento ni Allen. Barkada rin nila ito noong huling taon nila sa college at may sarili na rin

itong restaurant na pinapatakbo.

“Ayoko ng malaking responsibilidad, Pare,” seryosong saad niya.

Natahimik sandali ang dalawang kaibigan.

“Sa totoo lang, Pare, ’wag kang magagalit. Bakit nga ba thirty years old ka na, eh, wala ka pang trabaho?” kapagkuwan ay tanong ni Allen. “I’m sure maraming connections ang father mo sa iba’t ibang kompanya sa bansa kung ayaw mong magtrabaho para sa sarili ninyong kompanya.”

“Ano bang klaseng tanong ’yan? Pare, araw-araw akong nagsusunog ng kilay noong nasa college pa tayo sa kagustuhan kong makapagbigay ng karangalan sa mga magulang ko. Ni wala akong oras para sa sarili ko. I was practically a nerd. Ngayon lang ako nagkakaroon ng pagkakataong magpakasaya, Pare,” paliwanag ni Ishmael.

Umiling si Jake. “Ay naku, Allen, ’wag kang maniwala diyan kay Ishmael. Hindi totoong gusto lang niyang bigyan ng medal ang kanyang mga magulang kaya siya nagsikap sa pag-aaral noon. Nagsikap siya noon dahil sa babae, Pare... Hindi mo ba alam? Nagkaganyan ang kaibigan natin dahil nabigo sa pag-ibig.”

Pabirong binatukan niya si Jake. Kunwari namang nasaktan ang huli.

“Oy, ano ka ba? Kalalaki mong tao, tsimoso ka.”



“Teka, paanong nabigo sa pag-ibig?” tanong ni Allen.

Tiningnan muna siya ni Jake—waring nagpapaalam kung maaari siyang magkuwento kay Allen. Iwinasiwas niya ang kamay bilang pagpayag.

“Sige na, inumpisahan mo na naman. ’Tsaka ang tagal na nangyari ’yun, Pare. Wala na ’yun.” Muli siyang uminom ng beer.

“Kung wala na talaga sa iyo ang mga nangyari, bakit nagkakaganyan ka pa rin?” hamon nito.

“Masaya ang ganito.” Mapakla ang ngiting ipinakita niya sa mga kaibigan. Kitang-kita ni Jake ang lungkot sa kanyang mga mata. Ipinagpatuloy na lamang nito ang pagkukuwento kay Allen.

“Alam mo, Allen, bago tayo mag-graduate, may naging nobya itong si Ishmael,” paunang kuwento nito. Ngingiti-ngiti lamang siya—mapait na ngiti.

“Nobya? Paano nangyari iyon? Di ba derecho ka sa bahay pagkatapos ng mga klase natin?” nagtatakang tanong ni Allen.

“Yun ang akala mo,” ani Jake. “Pero may niligawan itong kaibigan natin; Antonette ang pangalan niya. Patay na patay siya sa chick na ’yun kasi naman napakaganda niya. Crush nga ng bayan si Antonette.”

“Teka, si Antonette Crisologo? ’Yung prom queen sa prom night natin? ’Yun ang naging girlfriend ni Ishmael?” komento nito na parang wala siya sa tabi nito.

“Eksakto, Pare!”

Napatangu-tango ito. “Pare, ang ganda niya, ah!”

“Kaya nga patay na patay itong kaibigan natin sa babaeng ’yun.”

“Tapos?” susog ni Allen. Interesadong-interesado ito sa bagong nalaman.

“Highly confidential ’yun, Pare. Sa akin nga lang sinabi, eh. Pero hindi niya pa sasabihin sa akin kung hindi ko sila nahuli na naghahalikan sa rooftop ng Business Administration building.”

“Sa rooftop?”

“Oo, sa rooftop. Romantic, di ba? Magyososi sana ako r’on kaso nakita ko ang dalawa. Hindi natuloy ang pagyoyosi ko.”

“Okay. Ituloy mo ang kuwento tungkol sa ‘pagkabigo ni Ishmael,’” pagbibiro ni Allen. Umiling-iling ang kaibigang pinag-uusapan ng mga ito.

“So, gan’un nga. Kaya nagsumikap itong kaibigan natin na maging *summa cum laude* kaso naging *magna cum laude* lang. Anyway, para kung mas mataas nga naman ang maging standing niya pagka-graduate, mas makakakuha siya ng magandang trabaho, makakapag-ipon siya, makapagpagawa ng bahay... the works, Pare! At ang pinakamahalaga sa lahat, maipagmamalaki siya ni Antonette sa mga magulang niya. Para pag kinasal sila ay okay na, nakahanda na ang lahat... kaso—”

“Kaso,” sabad ni Ishmael, “after graduation, sumama siyang magtanan kay Edison, ’yung pinakaguwapo pero pinakawalang utak na kaklase natin noon.” Muli niyang itinaas ang bote ng beer sa kanyang bibig. Pero wala nang laman iyon kaya tinawag niya ang waiter at um-order muli ng isa pang bote.

Hindi makapaniwala si Allen sa narinig. “Si Edison na ubod ng yabang? Doon siya nakipagtanan?”

Eksaheradong tumango si Jake.

“Wala naman palang taste ’yung babaeng ’yun. Biro mo, itinapon niya ang ginto para pumulot ng tanso?” Umiling-iling ito at napapalatak. Napangiti si Ishmael sa komentong ito ni Allen.

Muli, tinitigan siya nito. “Ang ibig mong sabihin, Ishmael, nagkaganyan ka dahil lang sa pagtataksil ng isang babae?”

“Wag mong nila-lang ’yun, Pare,” sabi ni Jake. “Sobrang heartbroken noon itong kaibigan natin. Minahal niya nang husto si Antonette, pero pinagtaksilan siya nito.”

“Nawalan ng saysay lahat ng pagsisikap ko...” malungkot na saad niya.

“Kaya ngayon ay nagpapakalunod ka sa pagpapakasaya, pero sa totoo lang ay malungkot ka pa rin, gan’un ba? Grabe naman ang tama mo sa babaeng ’yon, Pare,” saad ni Allen.

“Wag na nating pag-usapan, Pare. Matagal nang nangyari ’yun,” pagtatapos niya sa usapan.

“Kaya nga, Pare, sampung taon na ang nakakalipas. Hindi mo pa rin ba nakakalimutan ang mga nangyari?”

“Paano naman niya makakalimutan, eh, maya’t maya niya tinitingnan ang litrato ni Antonette sa wallet niya?” napapantastikuhang tugon ni Jake.

“What? May litrato ka pa ni Antonette sa wallet mo?” baling nito sa kaibigang walang trabaho.

“Oo.” Si Jake ang sumagot sa halip na si Ishmael. “May litrato pa siya ni Antonette sa wallet niya. Ano ka ba? Kanina ka pa paulit-ulit ng sinasabi namin, ah.”

“Hindi lang ako makapaniwala na may ganyan pang klase ng pag-ibig, Pare. May litrato ka pa ng ex mo sa wallet mo? Unbelievable! Ibig sabihin, sampung taon na sa wallet mo ang litrato na ’yan. At biro mo, sampung taon mo nang kinikimkim ang sama ng loob mo diyan sa dibdib mo. At nawalan pa ng direksyon ang buhay mo.”

Bumuntong-hininga siya. “Masaya naman ako sa buhay ko, ah.”

“Malungkot ka, Pare... And you’re afraid to fall in love again...” sabi ni Jake.

“Bakit hindi ka sumubok na umibig ulit?” ani Allen.

“Hindi naituturo ang pag-ibig, Allen. I’ve been finding that out by dating all those women...”

*Taming Ishmael - Cynthia Cruz-Paz*

---

“Baka naman sarado pa rin ang puso mo and you never really opened your heart kaya hindi ka pa rin natututong umibig muli,” komento ni Jake habang nakatingin sa kanya saka uminom sa beer nito.

Hindi umimik si Ishmael. Natumbok ng kaibigan ang totoo. He never did open his heart to anyone ever since Antonette betrayed him... because he was scared to get hurt again.